# Pangangasiwa ng mga Estate Sa Maryland

## *Pangunahing Gabay sa Pagtuturo*




# Byron E. Macfarlane

## Register of Wills para sa County ng Howard

*Binago Nobyembre 2018*

## ***Talaan ng mga Nilalaman***

Talaan ng mga Nilalaman.......................................................................................... 2

Pangkalahatang Impormasyon ............................................................................... 3

Seksyon 1 – Panimula ........................................................................... 4

Seksyon 2 – Register of Wills ......................................................................... 4

Seksyon 3 – Hukuman para sa mga Naulila ............................................................................ 4

Seksyon 4 – Mga Kahulugan ..........................................................................5

Seksyon 5 – Mga Regular na Estate ............................................................................ 6

Seksyon 6 – Mga Maliit na Estate .............................................................................. 14

Seksyon 7 – Mga Limitadong Kautusan ............................................................................ 18

Seksyon 8 – Binagong Pangangasiwa............................................................... 19

Seksyon 9 – Buwis sa Mana ............................................................................. 21

Seksyon 10 – Pamamahagi ........................................................................... 23

Seksyon 11 – Mga Bayarin ............................................................................... 24

Seksyon 12 – Mahahalagang Petsa .......................................................................... 25

Seksyon 13 – Mga Pananagutan ng Personal na Kinatawan ........................ 26

Seksyon 14 – Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Personal na Kinatawan .................. 26

Seksyon 15 – Mga Madalas Itanong .................................................. 27

# Byron E. Macfarlane

## Register of Wills para sa County ng Howard



*Isang pribilehiyo ang pagsilbihan ang mga residente ng County ng Howard bilang kanilang Register of Wills. Pangunahin kong priyoridad ang makapagbigay ng mahabagin, ganap, at matalinong serbisyo sa bawat taong bibisita o tatawag sa aking tanggapan. Kapag lumalapit sa amin ang mga tao, karaniwang ito ay sa panahon ng isa sa pinakamahihirap na pagsubok sa kanilang buhay. Ako at ang aking kawani ng mga propesyonal na may karanasan ay nakatuon sa maingat na paggabay sa mga miyembro ng publiko tungkol sa mga estate ng kanilang mahal sa buhay upang gawing simple at madali ang prosesong ito hangga't maaari.*



**MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:**

8360 Court Avenue
Ellicott City, Maryland 21043
**Telepono**: (410) 313-2133
**Toll Free**: 1 (888) 848-0136
**Fax**: (410) 313-3409

**Mga Oras ng Operasyon**
8:30 A.M. – 4:30 P.M.
Lunes hanggang Biyernes

Bisitahin online ang Register of Wills sa:
**http://www.registers.maryland.go**

# Pangangasiwa ng mga Estate Sa Maryland

**Seksyon 1: Panimula**

Ginawa ang booklet na ito upang makatulong sa proseso ng pangangasiwa ng mga estate sa Maryland. Hindi ginawa ang librong ito upang magbigay ng mga legal na solusyon para sa mga partikular na sitwasyon, subalit upang magbigay ng pangkalahatang-ideya sa mga pamamaraan na kinakailangan sa administratibong probate ng mga estate ng pumanaw. Inaasahang makakatulong sa mambabasa ang impormasyong ibinibigay sa librong ito upang magkaroon ng mas malawak na pag-unawa sa proseso ng probate.

**Seksyon 2: Register of Wills**

Ang Register of Wills ay isang pampublikong tanggapan na itinayo sa ilalim ng Konstitusyon ng Maryland. Nagbibigay ang Konstitusyon ng Register of Wills sa bawat county at sa Baltimore City. Hinahalal ang Register kada apat na taon. Ang Register of Wills, o sinumang naatasang empleyado, ay maaaring tumulong at magbigay ng payo sa sinumang tao sa paghahanda ng mga form para sa administratibong probate, ngunit hindi sila pinapayagang magbigay ng legal na payo. Lahat ng form na tinukoy sa librong ito ay maaaring makuha mula sa tanggapan ng Register of Wills o sa kanilang website sa **www.registers.maryland.gov** (Piliin ang tab na Mga Form sa bar ng menu.) Maaaring i-download ang mga form kung kinakailangan o kumpletuhin online at i-print ang mga ito nang magkakahiwalay. Pakitandaan na naka-PDF na format ang mga form kaya kinakailangang mag-install ng software na Adobe Reader sa inyong computer.

**Seksyon 3: Hukuman para sa mga Naulila**

Dinidinig ng Hukuman para sa mga Naulila (Orphans' Court) ang mga bagay na may kinalaman sa mga kontrobersyal na pagtatalaga ng estate at hudisyal na

pagtatalaga. Inaaprubahan din nito ang mga account at, sa mga pagkakataong kailangan ang petisyon, ito ang nagbibigay ng mga komisyon ng personal na kinatawan at bayad sa abugado. Maaaring tukuyin ng Hukuman para sa mga Naulila ang bisa ng mga habilin at titulo sa personal na ari-arian na hindi lumalampas sa halagang $50,000.00.

**Seksyon 4: Mga Kahulugan**

1. **Pangangasiwa ng isang estate**: ang pamamahala sa mga asset ng pumanaw, kung saan kabilang ang koleksyon ng ari-arian, bayad sa mga gastos at utang, at pamamahagi sa mga tagapagmana o legataryo.
2. **Administratibong Probate**: isang proceeding na sinisimulan ng interesadong tao sa Register of Wills para sa pagtatalaga ng personal na kinatawan at para sa probate ng isang habilin, o sa pagtukoy ng intestacy ng pumanaw.
3. **Anak (o mga anak)**: ang anak na lehitimong anak, inampon na anak, ilehitimong anak sa saklaw na ibinibigay ng batas, at ang anak na nabuo mula sa genetic na materyal ng isang tao pagkatapos ng pagkamatay ng taong iyon sa saklaw na ibinibigay ng batas.
4. **Claimant**: isang tao (o entity) na nag-file ng claim laban sa estate ng pumanaw.
5. **Debt of record**: naitalang utang, gaya ng pagsangla sa real property na nakatala sa mga talaan ng lupa.
6. **Pumanaw**: taong namatay.
7. **Descendant**: taong nasa bloodline ng isang ninuno (Kabilang sa mga descendant ang anak, apo, apo sa tuhod, atbp.)
8. **Domicile**: ang lugar kung saan pisikal na namamalagi ang isang tao nang may intensyong gawin ang lugar na iyon bilang permanenteng tahanan. (Ibig sabihin, ang domicile ay ang lugar kung saan babalik o gugustuhing bumalik ng isang tao kapag umalis siya.)
9. **Election against the will**: ang karapatang ibinibigay sa asawa sa pamamagitan ng batas na nagpapahintulot sa kanya na tumanggap ng statutory share, kahit mas malaki ito sa ibinigay sa habilin.
10. **Enkumbransya**: isang lien o claim na kakabit ng ari-arian, gaya ng pagsangla sa real property.
11. **Estate**: ang ari-arian ng pumanaw.
12. **Allowance ng pamilya**: allowance na kasama sa pagpapasa ng ari-arian sa ilalim ng habilin o sa pamamagitan ng mga batas ng intestacy, hindi napapailalim sa buwis sa mana, binabayaran sa nabubuhay na asawa o nabubuhay na menor de edad (wala pang edad na 18) na mga anak.
13. **Fiduciary**: isang tao o institusyon na namamahala at nangangasiwa sa pera at iba pang asset ng iba. Kabilang sa fiduciary ang trustee, tagatanggap, custodian, tagapag-alaga, executor, administrator, o personal na kinatawan.
14. **Gross estate**: ang aktwal na halaga ng mga asset ng estate nang wala ang pagbawas ng mga lien, utang, o gastos.
15. **Tagapagmana**: miyembro ng pamilya na magmamana mula sa isang estate sa ilalim ng mga batas ng intestacy (namatay ang pumanaw nang walang habilin).
16. **Ulat ng Impormasyon**: ang dokumentong nag-uulat ng lahat ng hindi probate na ari-arian (ari-ariang

nasa labas ng probate na estate). (Kabilang sa Hindi Probate na ari-arian ang, ngunit hindi limitado sa, mga jointly held na asset, life estate o natitirang interes sa isang trust o deed, mga trust kung saan may interes ang pumanaw, mga payable on death (P.O.D.) na asset, at mga plano ng pensyon at benepisyo kabilang ang mga IRA na may mga pinangalanang benepisyaryo.)

17. **Buwis sa mana**: buwis na ipinapataw sa pribilehiyo ng pagtanggap ng ari-arian mula sa estate ng pumanaw.
18. **Interesadong tao**: ang (mga) taong nagsisilbing (o nagpepetisyon upang magsilbing) (mga) personal na kinatawan, mga legataryo, tagapagmana (kahit namatay ang pumanaw nang may habilin), (mga) trustee ng testamentary trust, (mga) trustee ng living trust, kung naaangkop, at (mga) itinalagang tagapag-alaga ng hukuman para sa mga interesadong tao na menor de edad at matatandang may kapansanan.
19. **Intestado**: walang habilin.
20. **Issue**: bawat nabubuhay na lineal descendant maliban sa lineal descendant ng nabubuhay na lineal descendant, kabilang ang lehitimong anak, inampon na anak, ilehitimong anak sa saklaw na ibinibigay ng batas, at ang anak na nabuo mula sa genetic na materyal ng isang tao pagkatapos ng pagkamatay ng taong iyon sa saklaw na ibinibigay ng batas. Hindi kabilang sa issue ang stepchild o ang anak-anakan (foster child).
21. **Joint tenancy**: isang uri ng pagmamay-ari kung saan ang personal o real property ay magkasamang pinag-aarian ng dalawa o higit pang tao sa hindi nahahati (pantay) na share na may karapatan ng survivorship. Kapag namatay ang isang joint tenant, awtomatikong ipinapasa sa pamamagitan ng batas ang kanyang share sa (mga) survivor.
22. **Hudisyal na probate**: isang probate proceeding na isinasagawa ng Hukuman para sa mga Naulila (taliwas sa Register of Wills) kapag hindi pinapahintulutan ng sitwasyon ang administratibong probate (gaya ng, hindi pinaniniwalaan ang bisa ng habilin, nasira ang habilin, o mayroong mahigit sa isang kwalipikadong tao ang nag-a-apply bilang personal na kinatawan).
23. **Legataryo**: isang taong pinangalanan sa habilin upang tumanggap.
24. **Sulat ng Pangangasiwa**: dokumentong inilalabas ng Register of Wills na nagbibigay ng awtorisasyon sa personal na kinatawan upang pangasiwaan ang isang estate.
25. **Limitadong Kautusan**: isang kautusan na nagbibigay-pahintulot sa paghahanap sa mga asset na nakapangalan lamang sa pumanaw o sa habilin na nakalagay sa safe deposit box na nakapangalan sa pumanaw.
26. **Lineal** na tagapagmana o legataryo: taong direktang linya ng pumanaw.
27. **Binagong Pangangasiwa**: isang naka-streamline na bersyon ng administratibong probate na magagamit ng personal na kinatawan (sa mga estate kung

saan namatay ang pumanaw noong o pagkatapos ng Oktubre 1, 1997) Kapalit ng imbentaryo at ng account, kailangang maghain ng personal na kinatawan ng pinal na ulat sa loob ng 10 buwan mula sa petsa ng kanyang pagkakatalaga. (Tingnan ang Seksyon 8 ng booklet na ito para sa mga detalye.)

28. **Net estate**: natitirang ari-arian pagkatapos ibawas ang mga lien, utang, at gastos.
29. **Hindi probate na estate**: ari-ariang nasa labas ng probate na estate, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: mga jointly held na asset, life estate o natitirang interes sa isang trust o deed, mga trust kung saan may interes ang pumanaw, mga payable on death (P.O.D.) na asset, at mga plano ng pensyon at benepisyo kabilang ang mga IRA na may mga pinangalanang benepisyaryo.
30. **Personal na Kinatawan**: ang taong itinalaga upang pangasiwaan ang estate (kadalasang tinatawag na executor o administrator).
31. **Petisyon para sa Probate**: ang kinakailangang dokumento upang simulan ang isang probate proceeding.
32. **Pour-over na Habilin**: habilin na nagbibigay ng pera o ari-arian sa isang kasalukuyang trust.
33. **Probate na estate**: ari-arian na pagmamay-ari lamang ng pumanaw o bilang tenant in common.
34. **Regular na estate**: ang pamamaraan ng estate para sa pumanaw na nagmamay-ari ng mga probate na asset na may kabuuang halagang labis sa $50,000 (o $100,000 kung ang tanging tagapagmana o legataryo ay ang nabubuhay na asawa). *****
35. **Residensya**: pagtira sa isang partikular na lugar nang hindi kinakailangang magkaroon ng intensyong manatili doon nang walang tiyak na hangganan. Tingnan ang **Domicile** para sa pagkakaiba.
36. **Maliit na estate**: ang pamamaraan ng estate para sa pumanaw na nagmamay-ari ng mga probate na asset na may kabuuang halagang $50,000 o mas mababa (o $100,000 o mas mababa kung ang tanging tagapagmana o legataryo ay ang nabubuhay na asawa). *****
37. **Espesyal na Administrator**: administrator ng isang estate na itinalaga ng hukuman kapag kinakailangang protektahan at pamahalaan ang ari-arian bago ang pagtatalaga ng personal na kinatawan. (Mayroong limitadong kapangyarihan ang espesyal na administrator.)
38. **Tenants by the entirety**: uri ng pagmamay-ari na nabubuo lamang sa pagitan ng mag-asawa kung saan magkasama silang nagmamay-ari ng titulo ng interes sa ari-arian, na may karapatan ng survivorship sa pagkamatay ng mauunang mamamatay.
39. **Tenants in common**: uri ng pagmamay-ari kung saan ang dalawa o higit pang tao ay naghahawak ng hindi nahahating interes sa isang piraso ng ari-arian nang walang karapatan ng survivorship. Sa pagkamatay ng isang nagmamay-ari, ang

kanyang interes ay ipapasa sa mga tagapagmana sa ilalim ng mga batas ng intestacy, o alinsunod sa mga pagtatakda ng habilin.

40. **Testamentary Trust**: trust na binuo sa pamamagitan ng habilin at nagkakabisa kapag namatay ang settler (testador/testrix).

41. **Testado**: pagkamatay nang may habilin.

42. **Testador/testadora**: lalaki/babae na gumagawa ng habilin.

43. **Trust, tinatawag ding living trust o inter vivos trust**: real at/o personal property na hinahawakan ng isang partido (trustee) para sa pakinabang ng isa pa (benepisyaryo). Hindi probate na asset ang mga asset ng trust.

*** Tandaan** :

Para sa mga taong namatay bago Oktubre 1, 2012, ang **Regular na Estate** ay binubuo ng mga asset na may kabuuang halagang lampas sa $30,000 (o $50,000 kung ang tanging tagapagmana o legataryo ay ang nabubuhay na asawa)

Para sa mga taong namatay bago Oktubre 1, 2012, ang limitasyon ng **Maliit na Estate** ay $30,000 o mas mababa (o $50,000 o mas mababa kung ang tanging tagapagmana o legataryo ay ang nabubuhay na asawa)

## Seksyon 5:  Regular na Estate

Kung ang ari-arian ng pumanaw na napapailalim sa pangangasiwa sa Maryland ay may natukoy na halagang lampas sa $50,000.00 (o $100,000.00 kung ang asawa lamang ang legataryo o tagapagmana) ***** papamahalaan ang estate bilang regular na estate. Sa pagtukoy sa halaga ng estate, tanging ang mga asset na nakapangalan lamang sa pumanaw at/o interes na itinuturing na tenant in common ang isasaalang-alang. Tinutukoy ang halaga sa pamamagitan ng pagbawas ng mga debt of record na natamo ng ari-arian mula sa fair market value ng ari-arian, sa petsa ng pagkamatay, sa saklaw na ang mga benepisyo sa insurance ay hindi babayaran sa may hawak ng lien o sa nasigurong partido para sa natamong pagkakautang.
Binubuksan ang estate sa county kung saan nanirahan ang pumanaw sa oras ng kanyang pagkamatay.

***** Ang mga Halaga para sa Petsa ng Kamatayan bago Oktubre 1, 2012 ay $30,000 at $50,000 kung ang asawa lamang ang legataryo o tagapagmana.

**Pagbubukas sa Estate**

Ang orihinal na Huling Habilin at Testamento (Last Will and Testament) at (mga) Codicil, kung mayroon, ay kailangang ihain sa tanggapan ng Register of Wills sa county kung saan nanirahan ang pumanaw. Ang **Petisyon para sa Pangangasiwa (Form 1112) at Iskedyul A (Form 1136)** ay ang mga form na nagpapasimula sa pagbubukas ng estate. Hinihingi ng petisyon na ilagay ng taong nag-a-apply para dito ang dahilan kung bakit may karapatan silang maitalaga at kung may habilin ang pumanaw.
Inililista ng Iskedyul A ang tinatayang halaga ng mga asset at utang ng estate. Ang **Abiso ng Pagtatalaga (Form 1114)** ay dapat ihain kasama ng Petisyon. Inilalathala ang abiso sa pamamagitan ng tanggapan ng Register of Wills nang isang beses sa isang linggo sa sunod-sunod na tatlong linggo sa isang pahayagan na pangkalahatang pinapalaganap at pinili ng personal na kinatawan. Ipinapaalam ng abiso sa mga tao ang kanilang karapatan na maghain ng mga pagtutol sa pagtatalaga at probate ng habilin. Ipinapaalam din ng abiso sa mga creditor ang kanilang karapatan na maghain ng claim at ang mga kinakailangan para dito. Kailangan ding ihain kasama ng petisyon ang **Nominal Bond (Form 1116) o ang Bond ng Personal na Kinatawan (Form 1115).** Maaaring gamitin ang nominal bond kung hayagang isinasantabi ang bond sa pamamagitan ng habilin o ng nakasulat na waiver ng lahat ng interesadong tao. Ginagamit ang bond ng personal na kinatawan kung <u>hindi</u> hayagang isinasantabi ang bond sa pmamagitan ng habilin o ng nakasulat ng waiver ng lahat ng interesadong tao. Dapat isagawa ng kumpanya ng insurance ang form ng bond. Mayroong mga kumpanyang nagbibigay ng serbisyo sa pamamagitan ng tanggapan ng Register of Wills. Ang **Listahan ng mga Interesadong Tao (Form 1104)** ay maaari na ring ihain sa panahong ito, ngunit kailangang itong ihain sa loob ng 20 araw pagkatapos ng pagtatalaga. Kasama sa listahan ang pangalan, address, at kaugnayan sa pumanaw ng mga taong pinangalanang magmamana sa habilin at mga tagapagmana sa ilalim ng batas kahit hindi sila

inilagay sa habilin. Maaaring mangailangan ng mga karagdagang form batay sa sitwasyon. Kinakailangan ang **Pagtatalaga ng Resident Agent (Form 1106)** kung ang taong nagpepetisyon ay hindi residente ng Maryland. Kung hindi ang tamang tao ang magpepetisyon, kailangan ng lahat ng interesadong tao na may mas mataas na prayoridad ang **Pahintulot sa Pagtatalaga ng Personal na Kinatawan (Form 1118).** Kailangang ihain ng lahat ng interesadong tao ang **Waiver ng Bond (Form 1117)** kung hindi isinasantabi ng habilin ang mga kinakailangan sa bond at kung nais ng estate na maghain ng nominal bond. Maaaring lagdaan ng sinumang interesadong tao ang **Waiver ng Abiso (Form 1101)** upang maiwasan ang mga kinakailangan sa abiso para sa interesadong taong iyon.

**Pagtatalaga ng Personal na Kinatawan**

Maaaring ilagay ng Register of Wills ang habilin sa probate at magtalaga ng personal na kinatawan. Ang mga tungkulin at kapangyarihan ng personal na kinatawan ay magsisimula kapag inilabas na ang **Mga Sulat ng Pangangasiwa**. Sa pagkakaloob ng mga sulat, inoobserbahan ng register ang pagkakasunod-sunod ng prayoridad gaya ng nakalagay sa batas ng Maryland. Ang karaniwang pagkakaayos ay nagsisimula sa mga taong pinangalanan sa habilin, asawa, anak, atbp., papunta sa mga creditor o sinupamang tao. Nagtatalaga ang batas ng Maryland ng mga paghihigpit sa karapatan sa mga sulat ng pangangasiwa. Ang sumusunod ay partial na listahan ng ilan sa mga taong hindi kasama:

(1) wala pang edad na 18 taon;
(2) walang kakayahang mag-isip nang maayos;
(3) nahatulan ng malubhang krimen;
(4) hindi mamamayan ng United States maliban kung ang taong iyon ay permanenteng residente ng United States at siya ay:
(a) ang asawa ng pumanaw;
(b) ninuno ng pumanaw;
(c) descendant ng pumanaw; o
(d) kapatid ng pumanaw.

Pagkatapos maitalaga, maglalabas ang tanggapan ng Register of Wills ng iskedyul ng mga kailangang sundin na deadline ng paghahain. Bilang personal na kinatawan ng isang regular na estate, kinakailangang gumawa ka ng makatuwirang pagsisikap na matiyak ang mga pangalan at address ng mga creditor ng pumanaw, at magpadala ng sulat o maghatid ng abiso sa mga creditor na iyon. Kinakailangan din ng personal na kinatawan na maghain ng: sapat na kopya ng abiso ng pagkakatalaga na ibinigay sa iyo ng pahayagan para sa pagpapadala ng sulat sa pamamagitan ng tanggapang ito sa lahat ng interesadong tao sa loob ng 20 araw pagkatapos maitalaga; Ulat ng Imbentaryo at Impormasyon sa loob ng tatlong buwan pagkatapos maitalaga; at accounting sa loob ng siyam na buwan pagkatapos maitalaga. Maliban kung mayroon nang naihain na kumpleto at tamang listahan ng mga interesadong tao, kailangan ding maghain ng listahan ng mga interesadong tao na may tamang address kasama ang mga zip code sa loob ng 20 araw mula sa petsa ng pagkakatalaga.

**Imbentaryo**

Sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga sa

personal na kinatawan, dapat siyang maghanda at maghain ng imbentaryo ng ari-ariang pagmamay-ari lamang ng pumanaw at ng interes ng pumanaw sa tenants in common na ari-arian.  Ang bawat item ay dapat ilista sa makatuwirang mapaglarawang detalye, na nagsasaad ng kabuuang fair market value nito sa petsa ng pagkamatay ng pumanaw, at ng uri at halaga ng anumang pagsangla at enkumbransya na maaaring nakakabit sa item. Para sa real at leasehold property, dapat magbigay ng sapat na paglalarawan upang matukoy ang ari-arian. Kailangang maipakita sa mga appraisal ang aktwal na halaga sa petsa ng pagkamatay. Hindi tinatanggap ang mga appraisal na naglalaman ng mga salitang “tinataya” o mga katulad na salita.

**Maaaring i-appraise ng personal na kinatawan ang mga sumusunod:**

(1) Mga motor na sasakyan – Sa halip na appraisal ng fair market value, ang isang motor na sasakyan ay maaaring bigyang-halaga ng personal na kinatawan batay sa average na halaga ng motor na sasakyang nakalagay sa: (a) Opisyal na gabay ng nagamit na kotse ng National Automobile Dealers' Association; o (b) anumang gabay sa presyo na katulad nito na itinalaga ng register;
(2) Mga corporate stock na nakalista sa pambansa o rehiyonal na palitan o mga over the counter na seguridad;
(3) Mga pagkakautang sa pumanaw kasama ang mga bond, note at loan na ginawa ng pumanaw na hindi pa nababayaran;
(4) Mga bank account at pera;
(5) Mga IRA, annuity at nalikom na life insurance na babayaran sa estate o ang mga walang pinangalanang benepisyaryo; at
(6) Real at leasehold property – Sa halip na pormal na appraisal ng fair market value, maaaring bigyang-halaga ang real at leasehold property sa: a) kabuuang halaga nito sa pera para sa layuning pagtatasa sa buwis ng ari-arian, hanggang sa pinakabagong petsa ng pagiging pinal; o b) presyo ng pagbenta sa kontrata para sa ari-arian kung ang pag-areglo sa arm's length na kontrata ay nangyari sa loob ng isang taon pagkatapos ng pagkamatay ng pumanaw. (**Tandaan:** Hindi maaaring gamitin ang pagtatasa sa halaga ng buwis sa ari-arian para sa mga bukirin, kakahuyan, o lupa ng pambansang registry.)

**Kailangang makakuha ang personal na kinatawan ng appraisal mula sa kwalipikado at hindi interesadong appraiser para sa lahat ng kategorya.**

**Ulat ng Impormasyon**

Sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga sa personal na kinatawan, kailangan niyang maghanda at maghain ng Ulat ng Impormasyon. Kasama sa mga asset na iuulat sa form na ito ang mga asset na hinawakan ng pumanaw na may mas mababa sa kabuuang interes hanggang sa petsa ng kanyang pagkamatay at mga asset na mayroon nang benepisyaryo dati pa. Sa gayon, hindi susundan ng mga asset na ito ang mga tuntunin ng habilin o ang mga batas ng intestacy. Ang anumang asset na mas mababa sa absolute o asset na ipapasa ayon sa trust ng pumanaw sa sinumang tao o entity maliban sa mga hindi kasama sa buwis sa mana ay dapat iulat. Ang mga sumusunod ay maaaring iulat sa ulat ng impormasyon:

- mga jointly held na asset;
- paglipat ng anumang materyal na bahagi ng ari-arian ng pumanaw bilang huling disposisyon o pamamahagi, kabilang ang anumang paglipat na nagresulta sa joint na pagmamay-ari ng ari-arian **sa loob ng dalawang taon bago ang pagkamatay;**
- anumang interes na mas mababa sa absolute sa real o personal property kung saan namahala ang pumanaw noong nabubuhay pa siya;
- mga P.O.D. na account;

- anumang interes sa isang annuity o iba pang pampubliko o pribadong pensyon o plano ng benepisyo ng empleyado;
- anumang interes sa real o personal property na panghabangbuhay o para sa termino ng mga taon;
- anupamang interes sa real o personal property na mas mababa sa absolute, sa trust o sa kasalungat.
- Ang real o leasehold property na nasa **labas ng Maryland** na nakapangalan lamang sa pumanaw o bilang tenants in common, ay

inuulat para lamang sa layuning pang-impormasyon.

Lahat ng ari-ariang nakalista sa ulat ng impormasyon ay mayroong parehong kinakailangan para sa mga halaga at appraisal tulad ng nakasaad sa seksyon para sa mga imbentaryo sa booklet na ito.

**Mga Account**

Sa loob ng siyam na buwan pagkatapos ng pagtatalaga sa personal na kinatawan, siya ay dapat maghanda at maghain ng account. Kailangang kasama sa account ang:

- panimulang balanse na nagpapakita sa mga asset gaya ng nakaulat sa imbentaryo;
- iba't ibang pangunahing resibo;
- pagbabago sa mga asset mula sa petsa ng pagkamatay;
- income;
- mga pagbabayad;
- mga pamamahagi at buwis;
- napanatiling balanse para sa accounting sa hinaharap, kung hindi ito ang pinal na account.

Walang form para sa paghahain ng account, ngunit mayroong halimbawang account ang tanggapan ng Register of Wills na maaaring gamitin bilang gabay. Kung hindi pa panghuli ang account, kailangang ihain ang mga kasunod na account mula sa naunang nangyari sa mga pagitan na : anim na buwan pagkatapos aprubahan ang naunang account o siyam na buwan pagkatapos ihain ang naunang account. Kung walang asset ang estate sa panahon ng accounting, ang personal

Tingnan ang nasa ibaba para sa halimbawa ng pag-verify at impormasyon na kinakailangang isama sa abiso.

**<u>PAG-VERIFY NG ACCOUNT</u> MD RULE 6-417 (b)(9)**

**TAPAT KONG TINITIYAK SA ILALIM NG MGA KAPARUSAHAN NG PERJURY NA ANG MGA NILALAMAN NG SINUSUNDANG DOKUMENTO (ACCOUNT NG PERSONAL NA KINATAWAN) AY TOTOO SA ABOT NG AKING KAALAMAN, IMPORMASYON, AT PANINIWALA.**

______________________________

**Mga Personal na Kinatawan**
**(Kinakailangan ang lagda)**

______________________________

**Abugado**
**(Kailangan ang lagda kung naaangkop)**

**<u>SERTIPIKO NG SERBISYO</u>**
**MD RULE 6-417 (d)**

PINAPATUNAYAN KONG sa __araw ng_________________. 20______Ako ay naghatid o nagpadala, sa pamamagitan ng prepaid ng postage, ng abiso sa lahat ng interesadong tao na nakalista sa ibaba o nakalista sa pamamagitan ng attachment, ng abisong nagsasabi: (1) na naihain na ang account o sinumpaang pahayag kapalit ng account; (2) na maaari nang maghain ng mga pagbubukod sa Hukuman ang tatanggap sa loob ng 20 araw mula sa Kautusan ng Hukuman na nag-aapruba sa account; (3) na maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsusuri sa file ng estate na nasa tanggapan ng Register of Wills o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa personal na kinatawan o sa abugado; (4) na kung hihingin, gagawa ang personal na kinatawan ng kopya ng account o ng sinumpaang pahayag para sa sinumang interesadong tao na binigyan ng abiso; at (5) na ang pamamahagi sa ilalim ng

account gaya ng inaprubahan ng Hukuman ay gagawin sa loob ng 30 araw pagkatapos maging pinal ng Kautusan ng Hukuman na nag-aapruba sa account.

**Mga pangalan at address ng mga interesadong tao:**

na kinatawan ay maaaring maghain ng sinumpaang pahayag ng walang asset sa halip na isang account. Ang account o sinumpaang pahayag ay dapat na-verify at ang abiso ng account o sinumpaang pahayag na ibinigay sa lahat ng interesadong tao na hindi tumanggi sa abiso.

**Mga Personal na Kinatawan**
**(Kinakailangan ang lagda)**

**Abugado**
**(Kailangan ang lagda kung naaangkop)**

**Mga Komisyon ng Personal na Kinatawan at Bayad sa Abugado**

May karapatan sa makatuwirang bayad ang personal na kinatawan at/o ang abugado para sa estate para sa mga serbisyo na kanilang ginawa sa pangangasiwa ng estate. Kung ang ari-arian na napapailalim sa pangangasiwa ay hindi hihigit sa $20,000, hindi maaaring lumampas ang mga komisyon sa 9% ng kabuuang estate. Kung ang ari-arian na napapailalim sa pangangasiwa ay mahigit sa $20,000, hindi maaaring lumampas ang mga komisyon sa halagang $1,800, dagdag pa ang 3.6% ng halagang lumampas sa $20,000 ng kabuuang estate.

Ang anumang pagbabayad sa mga personal na kinatawan at/o abugado para sa estate na mula sa pondo ng estate ay pinapayagan lamang pagkatapos ng paghahain sa mga sumusunod na naaangkop na impormasyon:

- **Kung ang pagbabayad ay para sa utang o bayarin na nagawa bago ang pagkamatay ng pumanaw**, dapat magpadala ng abiso ng iminumungkahing bayad na nagpapahayag ng halaga at mga detalye para sa basehan ng pagbabayad sa lahat ng interesadong tao kasama na ang lahat ng claimant.
- **Napapailalim sa pag-apruba ng hukuman,** ang petisyon na detalyadong nagpapahayag sa mga serbisyong ginawa at ang halaga ng bayad na hinihingi para sa mga nasabing serbisyo ay dapat ihain sa Register of Wills at dapat kasama nito ang nalagdaang berepikasyon ng mga katunayan at sertipiko ng abiso sa lahat ng interesadong tao, kasama ang mga claimant. Dapat malagdaan ang isang kautusan ng hukuman na nag-aapruba sa mga bayarin bago payagan ang pagbabayad.
- **Pahintulot kapalit ng pag-apruba ng hukuman (Form 1138),** hindi kailangan ng petisyon kung ang pinagsamang kabuuan ng mga komisyon at bayarin ay hindi sobra sa maximum na pinapayagang halaga tulad ng nakasaad sa itaas; **at** ang bawat hindi pa nababayarang creditor **at** lahat ng interesadong tao nagbigay ng nakasulat na pahintulot sa pagbabayad; **at** ang nalagdaang nakasulat na form ng pahintulot ay nagpapahayag ng halaga ng pagbabayad at ito ay naihain sa Register.

**Mga Claim**

Maaaring gumawa ng pag-claim laban sa isang estate ang claimant, sa loob ng panahong pinapayagan sa pagsusumite ng mga claim, sa pamamagitan ng (1) pagbibigay nito sa personal na kinatawan; (2) paghahain nito sa register at pagbibigay ng kopya nito sa personal na kinatawan; o (3) pagsampa ng kaso. Kung naihain ang claim bago ang pagtatalaga sa personal na kinatawan, maaari itong ihain ng claimant sa register sa county kung saan nanirahan ang pumanaw o sa alinmang county kung saan tumira ang pumanaw sa petsa ng kanyang pagkamatay.

**Kailangang ilahad ang claim nang mas maaga sa mga sumusunod na petsa:**

- **6 na buwan pagkatapos ng petsa ng pagkamatay ng pumanaw; o**

- **2 buwan pagkatapos magpadala o maghatid ng personal na kinatawan sa creditor ng kopya ng abiso ng pagtatalaga, abiso sa mga creditor, form ng abiso sa mga hindi kilalang tagapagmana o iba pang nakasulat na abiso, na nagpapaalam sa creditor na isasara ang kanyang claim maliban kung ipapakita niya ang claim sa loob ng 2 buwan mula sa pagkakapadala o iba pang pagkakahatid ng abiso.**

*** Tandaan: Ang claim na isinampa ng Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalaga ng Pag-iisip (Department of Health and Mental Hygiene) laban sa estate ay dapat isampa nang mas maaga sa mga sumusunod na petsa:**

**(a) 6 na buwan pagkatapos ng paglathala sa abiso ng unang pagtatalaga ng personal na kinatawan; o**

**(b) 2 buwan pagkatapos magpadala o maghatid ng personal na kinatawan ng kopya ng abiso ng pagtatalaga, abiso sa mga creditor, abiso sa mga hindi kilalang tagapagmana sa Division of Medical Assistance Recoveries ng Kagawaran.**

**Pagkakabisa ng pag-apruba ng account at ng pinal na account**

Dapat i-audit kaagad ng register ang account. Kasunod ng pag-audit at pag-apruba ng hukuman sa account, dapat kaagad na magsagawa ang hukuman ng kautusan ng pag-apruba na napapailalim sa anumang pagbubukod. Ang mga pagbubukod sa account ay dapat ihain sa loob ng 20 araw pagkatapos ng pagpasok ng kautusan na nag-aapruba sa account at dapat kasama nito ang mga batayan para sa pagbubukod sa makatuwirang detalye. Ang kopya ng mga pagbubukod ay dapat ibigay sa personal na kinatawan. Kung walang naihain na napapanahong pagbubukod, nagiging pinal ang kautusan ng hukuman na nag-aapruba sa account. Gagawin ang pamamahagi sa ilalim ng account sa loob ng 30 araw pagkatapos maging pinal ng kautusan ng hukuman na nag-aapruba sa account. Ang pinal na pag-apruba sa pinal na account ay awtomatikong nagsasara sa estate.

**Miscellaneous**

**Election upang Kunin ang Statutory Share (Form 1126)**
Sa halip na ari-ariang iniwan sa kanya sa pamamagitan ng habilin, maaaring piliin ng nabubuhay na asawang kunin ang sangkatlong share ng net estate kung mayroon ding nabubuhay na issue (anak o mga anak), o kalahating share ng net estate kung walang nabubuhay na issue (anak o mga anak).

**Petisyon at Kautusan para sa Gastos sa Libing – (Form 1130)**
Dapat pahintulutan ayon sa pagpapasya ng hukuman ang mga gastos sa libing. Hindi maaaring sumobra ang allowance sa $15,000 maliban kung: 1) solvent ang estate ng pumanaw at may nakuhang espesyal na kautusan ng hukuman; o 2) solvent ang estate at tahasang binigyan ng kapangyarihan ang personal na kinatawan sa pamamagitan ng habilin upang bayaran ang mga gastos kahit walang kautusan ng hukuman.

* Kung namatay ang pumanaw bago Oktubre 1, 2005, ang allowance sa libing ay $5,000. Kung namatay ang pumanaw sa pagitan ng Oktubre 1, 2005 at Setyembre 30, 2012, ang allowance sa libing ay $5,000 para sa maliit na estate at $10,000 para sa regular na estate. Kung namatay ang pumanaw sa pagitan ng Oktubre 01, 2012 at Setyembre 30, 2015, ang allowance sa libing ay $10,000.

## Seksyon 6: Maliit na Estate

Kung ang ari-arian ng pumanaw na napapailalim sa pangangasiwa sa Maryland ay may natukoy na halagang $50,000.00 o mas mababa (o $100,000.00 kung ang asawa lamang ang legataryo o tagapagmana). * maaaring pangasiwaan ang estate bilang maliit na estate. Sa pagtukoy sa halaga ng estate, tanging ang mga asset na nakapangalan lamang sa pumanaw at/o interes na itinuturing na tenant in common ang isasaalang-alang. Tinutukoy ang halaga sa pamamagitan ng pagbawas ng mga debt of record na natamo ng ari-arian mula sa fair market value ng ari-arian, sa petsa ng pagkamatay, sa saklaw na ang mga benepisyo sa insurance ay hindi babayaran sa may hawak ng lien o sa nasigurong partido para sa natamong pagkakautang.

***** Ang mga Halaga para sa Petsa ng Kamatayan bago Oktubre 1, 2012 ay $30,000 at $50,000 kung ang nabubuhay na asawa lamang ang legataryo o tagapagmana.

### Mga kinakailangang dokumento

Ang orihinal na Huling Habilin at Testamento (Last Will and Testament) at (mga) Codicil kung mayroon, ay dapat ihain sa tanggapan ng Register of Wills sa county kung saan nanirahan ang pumanaw. Ang **Petisyon para sa Pangangasiwa (Form 1103) at Iskedyul B (Form 1137)** ay ang mga form na nagpapasimula sa pagbubukas ng estate. Hinihingi ng petisyon na ilagay ng taong nag-a-apply para dito ang dahilan kung bakit may karapatan silang maitalaga at kung may habilin ang pumanaw.

Inilalarawan at isinasaad ng Iskedyul B ang halaga ng mga asset at inililista ang anumang pagkakautang ng estate. Ang **Abiso ng Pagtatalaga (Form 1109)** ay dapat ihain kasama ng petisyon maliban kung ang mga halaga ng mga asset sa estate ay mas mababa sa mga allowance. Inilalathala ng tanggapan ng Register of Wills ang abiso nang isang beses sa pahayagang pangkalahatang ipinapalaganap na tinukoy ng personal na kinatawan. Ang

Abiso ng Pagtatalaga ay nagpapaalam sa mga taong interesado sa estate tungkol sa kanilang karapatan na maghain ng mga pagtutol sa pagkakatalaga ng personal na kinatawan at sa probate ng habilin ng pumanaw. Ipinapaalam din ng abiso sa mga creditor ang kanilang karapatan na maghain ng claim at ang mga kinakailangan para dito. Ang **Listahan ng mga Interesadong Tao (Form 1104)** ay dapat ihain bago ang pagtatalaga ng personal na kinatawan. Kasama sa listahan ang pangalan, address, at kaugnayan sa pumanaw ng mga taong pinangalanang magmamana sa habilin at mga tagapagmana sa ilalim ng batas kahit hindi sila inilagay sa habilin. Maaaring mangailangan ng mga karagdagang form upang buksan ang ilang partikular na estate batay sa sitwasyon.

Kinakailangan ang **Pagtatalaga ng Resident Agent (Form 1106)** kung ang taong nagpepetisyon ay hindi residente ng Maryland. Kung hindi ang tamang tao ang magpepetisyon, kinakailangan ng lahat ng interesadong tao na mayroong mas mataas na prayoridad ang **Pahintulot sa Pagtatalaga ng Personal na Kinatawan ng Maliit na Estate (Form 1105).** Maaaring

lagdaan ng sinumang interesadong tao ang **Waiver ng Abiso (Form 1101)** upang maiwasan ang mga kinakailangan sa abiso para sa interesadong taong iyon. Kailangang maghain ng **Bond ng Personal na Kinatawan (Form 1115)** maliban kung isinasantabi ng habilin o ng nakasulat na waiver ng lahat ng interesadong tao **(Form 1117)** ang bond kapag natukoy na may kabuuang halagang $10,000 o higit pa ang estate matapos bayaran ang mga gastos at allowance.

## Pagbubukas sa Maliit na Estate

Bilang nagpepetisyon upang maitalaga bilang personal na kinatawan, sinisimulan ang opisyal na proseso ng pagbubukas sa maliit na estate sa pamamagitan ng paghahain ng Petisyon para sa Pangangasiwa at Iskedyul B. Kasama sa Petisyon ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang domicile ng pumanaw;
- Ang pangalan ng tao o mga tao na may karapatang magsilbing personal na kinatawan;
- Kung namatay ang pumanaw nang mayroong habilin o wala (kung mayroong habilin ang pumanaw, dapat isama sa Petisyon ang orihinal na habilin);
- Listahan ng mga ari-arian ng pumanaw (parehong real at personal); at
- Listahan ng mga kilalang creditor;
- Ang Listahan ng mga Interesadong Tao ay dapat ihain bago ang pagtatalaga sa personal na kinatawan.

Kasama sa listahan ang pangalan, address, at kaugnayan sa pumanaw ng lahat ng taong pinangalanang magmamana sa habilin, pati na rin ang mga tagapagmana sa ilalim ng batas, kahit hindi sila pinangalanang tumanggap sa pamamagitan ng habilin. Pinapangalanan din nito ang personal na kinatawan. Kung namatay ang pumanaw nang walang habilin, dapat ilista ang mga tagapagmana at personal na kinatawan ng pumanaw.

Maaaring kailanganing ihain ang Abiso ng Pagtatalaga, Abiso para sa mga Creditor, at Abiso para sa mga Hindi Kilalang Tagapagmana batay sa kabuuang halaga ng mga asset sa pangalan lamang ng pumanaw at/o bilang tenant in common.

### Pagtatalaga ng Personal na Kinatawan

Maaaring ilagay ng Register of Wills ang habilin sa probate at magtalaga ng personal na kinatawan. Ang mga tungkulin at kapangyarihan ng personal na kinatawan ay magsisimula kapag inilabas na ang **Mga Sulat ng Pangangasiwa.** Sa pagkakaloob ng mga sulat, inoobserbahan ng register ang pagkakasunod-sunod ng prayoridad gaya ng nakalagay sa batas ng Maryland. Ang prayoridad ng pagtatalaga ay nagsisimula sa (mga) taong pinangalanan sa habilin, nabubuhay na asawa, mga anak, atbp., papunta sa mga creditor o sinupamang tao. Nagtatalaga ang batas ng Maryland ng mga paghihigpit sa karapatan sa mga sulat ng pangangasiwa. Ang sumusunod ay partial na listahan ng ilan sa mga taong hindi kasama:

(1) wala pang edad na 18 taon;
(2) walang kakayahang mag-isip nang maayos;
(3) nahatulan ng malubhang krimen;
(4) hindi mamamayan ng United States maliban kung ang taong iyon ay permanenteng residente ng United States at siya ay:
  (a) asawa ng pumanaw;
  (b) ninuno ng pumanaw;
  (c) descendant ng pumanaw; o
  (d) kapatid ng pumanaw.

Pagkatapos maitalaga, maglalabas ang tanggapan ng Register of Wills ng schedule ng mga kailangang sundin na deadline ng pag-file. Bilang personal na kinatawan ng

maliit na estate, kailangan ang iyong makatuwirang pagsisikap na matiyak ang mga pangalan at address ng **mga creditor** ng pumanaw, at magpadala o maghatid ng abiso sa mga creditor na iyon.

Kailangan mo ring maghain ng Ulat ng Impormasyon.

**Ulat ng Impormasyon**

Sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga sa personal na kinatawan, kailangan niyang maghanda at maghain ng Ulat ng Impormasyon. Kasama sa mga asset na iuulat sa form na ito ang mga asset na hinawakan ng pumanaw na may interes na mas mababa sa kabuuan hanggang sa petsa ng kanyang pagkamatay at mga asset na mayroon nang benepisyaryo dati pa. Sa gayon, hindi susundan ng mga asset na ito ang mga tuntunin ng habilin o ang mga batas ng intestacy. Dapat iulat ang anumang asset na mas mababa sa absolute o asset na ipapasa ayon sa trust ng pumanaw sa sinumang tao maliban sa mga hindi kasama sa sa buwis sa mana. Ang mga sumusunod ay maaaring iulat sa ulat ng impormasyon:

- mga jointly held na asset;
- paglipat ng anumang materyal na bahagi ng ari-arian ng pumanaw bilang huling disposisyon o pamamahagi, kabilang ang anumang paglipat na nagresulta sa joint na pagmamay-ari ng ari-arian **sa loob ng dalawang taon bago ang pagkamatay;**
- anumang interes na mas mababa sa absolute sa real o personal property kung saan namahala ang pumanaw noong nabubuhay pa siya;
- mga P.O.D. na account;
- anumang interes sa isang annuity o iba pang pampubliko o pribadong pensyon o plano ng benepisyo ng empleyado;
- anumang interes sa real o personal property na panghabangbuhay o para sa termino ng mga taon;
- anupamang interes sa real o personal property na mas mababa sa absolute, sa trust o sa kasalungat.
- ang real o leasehold property na nasa **labas ng Maryland** na nakapangalan lamang sa pumanaw o bilang tenants in common, ay iniuulat para lamang sa layuning pang-impormasyon.

Lahat ng ari-ariang nakalista sa ulat ng impormasyon ay mayroong parehong kinakailangan para sa mga halaga at appraisal tulad ng nakasaad sa seksyon ng Regular na Estate para sa mga imbentaryo sa booklet na ito.

**Aplikasyon upang Ayusin ang Buwis sa mga Hindi Probate na Asset**

Kung walang pormal na pangangasiwa ng isang estate, kailangang maghain ng Aplikasyon upang Ayusin ang Buwis ng mga Hindi Probate na Asset sa loob ng 90 araw pagkapatapos ng pagkamatay ng pumanaw.

**Mga Claim**

Maaaring gumawa ng pag-claim laban sa isang estate ang claimant, sa loob ng panahong pinapayagan sa pagsusumite ng mga claim, sa pamamagitan ng (1) pagbibigay nito sa personal na kinatawan; (2) paghahain nito sa register at pagbibigay ng kopya nito sa personal na kinatawan; o (3) pagsampa ng kaso. Kung naihain ang claim bago ang pagtatalaga ng personal na kinatawan, maaari itong ihain ng claimant sa register sa county kung saan nanirahan ang pumanaw o sa alinmang county kung saan tumira ang pumanaw.

**Kailangang ilahad ang claim**

**nang mas maaga sa mga sumusunod na petsa:**

- **6 na buwan pagkatapos ng petsa ng pagkamatay ng pumanaw; o**

- **30 araw pagkatapos magpadala o maghatid ng personal na kinatawan sa creditor ng kopya ng abiso ng pagtatalaga, abiso sa mga creditor, form ng abiso sa mga hindi kilalang tagapagmana o iba pang nakasulat na abiso, na nagpapaalam sa creditor na isasara ang kanyang claim maliban kung ipapakita niya ang claim**

**sa loob ng tatlumpung araw mula sa pag-mail o iba pang paghahatid ng abiso.**

**TANDAAN: Ang claim na isinampa ng Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalaga ng Pag-iisip (Department of Health and Mental Hygiene) laban sa estate ay dapat isampa nang mas maaga sa mga sumusunod na petsa:**

**(a) 6 na buwan pagkatapos ng unang pagtatalaga ng personal na kinatawan; o**
**(b) 2 buwan pagkatapos ipadala o ihatid ng personal na kinatawan ang kopya ng abiso ng pagtatalaga, abiso sa mga creditor, abiso sa mga hindi kilalang tagapagmana sa Division of Medical Assistance Recoveriesng Kagawaran.**

**Seksyon 7: Limitadong Kautusan:**

Kung nakalagay ang habilin sa isang safe deposit box na nakapangalan lamang sa pumanaw o nakatitulo ang mga asset sa pangalan lamang ng pumanaw at hindi alam ang halaga ng mga ito, ang tanging paraan upang ma-access ang box o upang matiyak ang halaga ng mga asset ay sa pamamagitan ng paghahain ng **Petisyon para sa Limitadong Kautusan (Form 1147) at Iskedyul C (Form 1148).**
Ang **Limitadong Kautusan na Hanapin ang Habilin (Form 1149)** ay nagbibigay ng awtorisasyon sa institusyong pampinansyal na pasukin ang box kasama ng Register of Wills o ang kinatawan na binigyang awtorisasyon ng Register para lamang sa layuning mahanap ang habilin at maihatid ito sa tanggapan ng Register of Wills. Ang **Limitadong Kautusan na Mahanap ang mga Asset (Form 1150)** ay nagbibigay ng awtorisasyon sa mga pinangalanang institusyon upang ihayag ang halaga ng mga asset na nakatitulo sa pangalan lamang ng pumanaw. **Hindi** binibigyan ng awtorisasyon ng Kautusan na ito ang paglipat ng anumang asset. Ang limitadong kautusan na mahanap ang mga asset ay hindi kinakailangan kung mayroong magagawang pagtukoy na ang estate ay bubuksan bilang regular na estate. **Ang paglalabas ng kautusan na ito ay para sa paggamit ng taong may prayoridad na magsilbing personal na kinatawan.**

**Seksyon 8: Binagong Pangangasiwa**

Ang Binagong Pangangasiwa ay na-streamline na pamamaraan na magagamit sa regular na estate kung saan namatay ang pumanaw noong o pagkatapos ng Oktubre 1, 1997. Maaari lamang gamitin ang pamamaraan kung:

1) Ang mga residual taker ay limitado sa: a) personal na kinatawan; b) mga indibidwal o entity na hindi kasama sa buwis sa mana sa estate ng pumanaw sa ilalim ng §7-203(b), (e), at (f) ng Pangkalahatang Artikulo ng Buwis (Tax General Article); at c) mga trust kung saan ang bawat tao na mayroong kasalukuyang interes sa trust ay isang indibidwal o entity na hindi kasama sa buwis sa mana sa estate ng pumanaw sa ilalim ng §7-203(b), (e), at (f) ng Pangkalahatang Artikulo ng Buwis (Tax-General Article); at
2) Ang estate ay solvent at mayroong sapat na asset upang tugunan ang lahat ng testamentary gift.

Inaalis ng pamamaraan ang pangangailangan ng imbentaryo at account at humihingi ng minimal na pangangasiwa ng Register of Wills.

Dapat maghain ang personal na kinatawan ng **Election para sa Binagong Pangangasiwa (Form 1141)** sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga sa personal na kinatawan.  Lahat ng residuary na legataryo ng pumanaw na may habilin at ang mga tagapagmana sa ilalim ng batas ng pumanaw na walang habilin ay dapat maghain ng **Pahintulot para sa Election para sa Binagong Pangangasiwa (Form 1142).**  Ang mga pahintulot ay dapat ring ihain sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga sa personal na kinatawan. Sa halip na imbentaryo at account, dapat ihain ng personal na kinatawan ang na-verify na **Pinal na Ulat sa Ilalim ng Binagong Pangangasiwa (Form 1143)** nang hindi lalampas sa sampung buwan pagkatapos ng petsa ng pagtatalaga sa personal na kinatawan.

Kasama sa pinal na ulat ang:

- pahayag na nagpapakita ng patuloy na kwalipikasyon para sa binagong pangangasiwa;
- naka-item na schedule ng ari-arian ng pumanaw at ang batayan ng pagtatasa;
- naka-item na schedule ng mga lien, utang, buwis, gastos sa libing ng pumanaw, gastos sa pangangasiwa ng estate, bayarin sa probate, at anumang hindi pa nababayarang gastos; at
- iskedyul na nagpapakita ng pagbabahagi ng mga share ng estate; at ang naaangkop na buwis sa mana.

Kung kailangan ang karagdagang oras para sa paghahain ng Pinal na Ulat, ang inisyal na haba ng oras ay maaaring i-extend nang 90 araw sa **Pahintulot para sa Extension ng Oras (Form 1146)** na nilagdaan ng Personal na Kinatawan at ng bawat Interesadong Tao at dapat maihain sa loob ng 10 buwan mula sa petsa ng pagtatalaga. Kung kailangan ng

higit pang oras para sa paghahain ng Pinal na Ulat, maaari pang i-extend ang haba ng oras nang 90 araw sa **Kahilingan at Pahintulot para sa Pag-extend Pa ng Oras** na nilagdaan ng Personal na Kinatawan at ng bawat Interesadong Tao, naihain bago ang pag-expire ng unang extension, at naaprubahan ito ng Register of Wills.

Sa kahilingan ng sinumang interesadong tao, dapat magbigay ang personal na kinatawan ng pormal na imbentaryo at account sa lahat ng interesadong tao.

Ang pinal na pamamahagi ng estate ay dapat gawin sa loob ng 15 buwan mula sa petsa ng pagkakatalaga. Dapat magsara ang estate na nasa ilalim ng binagong pangangasiwa nang hindi lalampas sa 16 na buwan mula sa petsa ng pagkakatalaga.

Maaaring ipawalang-bisa ang Binagong Pangangasiwa sa pamamagitan ng:

1. paghahain ng napapanahong kahilingan para sa hudisyal na probate;
2. paghahain ng nakasulat na pagtutol ng interesadong tao;
3. paghahain ng pagbawi ng election ng personal na kinatawan;
4. Hukuman para sa mga Naulila, sa sarili nitong initiative, o para sa mabuting dahilan na ipinakita ng interesadong tao o ng Register of Wills; o
5. Pagkabigong maghain ng napapanahong pinal na ulat at gumawa ng pamamahagi sa loob ng labindalawang buwan mula sa petsa ng pagkakatalaga.

Kapag ipinawalang-bisa ang binagong pangangasiwa, dapat maging administratibong probate ang estate at dapat maghain ng imbentaryo at account ang personal na kinatawan sa Register of Wills. Magpapadala ng abiso ng pagpapawalang-bisa ang Register of Wills sa lahat ng interesadong tao.

Kapag mayroong natuklasan ang personal na kinatawan na ari-arian ng pumanaw matapos ang oras ng paghahain ng Pinal na Ulat Sa Ilalim ng Binagong Pangangasiwa, dapat maghain ng Pinal na Ulat ang personal na kinatawan na may kinalaman sa natuklasang ari-arian

sa loob ng 60 araw mula sa pagkakatuklas ng ari-arian, at magsagawa ng pinal na pamamahagi sa ari-arian sa loob ng 90 araw matapos matuklasan ang ari-arian.

**Seksyon 9: Buwis sa Mana**

Ang buwis sa mana ay ipinapataw sa karapatang tumanggap ng ipinasang ari-arian mula sa pumanaw na mayroong taxable situs sa Estado ng Maryland.

Maaaring kolektahin ang buwis sa mana sa (net value ng) lahat ng probate na ari-arian na iniulat sa regular na estate at lahat ng hindiprobate na ari-arian na maaaring iulat sa Ulat ng Impormasyon o Aplikasyon upang Ayusin ang Buwis sa Mana, anuman ang uri ng estate proceeding, at kabilang ang ipinapasang ari-arian mula sa trust. (Walang kinokolektang buwis sa mana sa probate na ari-ariang nakaulat sa maliit na estate.)

Para sa mga pumanaw na namatay noong o pagkatapos ng Hulyo 1, 2000, hindi kailangan ang buwis sa mana sa pagtanggap ng ari-arian mula sa pumanaw papunta sa:

(1) lolo/lola ng pumanaw;
(2) magulang ng pumanaw;
(3) asawa ng pumanaw;
(4) anak o iba pang lineal descendant ng pumanaw;
(5) spouse of a child or other lineal descendent;
(6) brother or sister; or
(7) korporasyon kung ang lahat ng stockholder ay binubuo ng wala nang iba pa kung hindi ang mga kamag-anak ng pumanaw gaya ng nabanggit sa itaas.

**TANDAAN:**
Kabilang sa **"anak"** ang stepchild o dating stepchild. Kabilang sa **"magulang"** ang stepparent o dating stepparent.

Para sa mga pumanaw bago o pagkatapos ng Hulyo 1, 2000, nalalapat ang buwis sa collateral na mana sa rate na 10% sa ari-arian ng pumanaw na ipinapasa sa sinuman maliban sa mga taong inilista sa (1) hanggang (7) sa itaas.

Kabilang sa mga ari-ariang hindi nilalapatan ng buwis sa mana ang sumusunod:

(1) ari-ariang ipinamamana sa sinumang tao kung ang kabuuang halaga ay hindi lalagpas sa $1,000;
(2) ari-ariang ipinamamana sa mapagkawang-gawang organisasyon na hindi nagbabayad ng buwis alinsunod sa Seksyon 501(c)(3) ng Internal Revenue Code o ilang partikular na paglilipat na maaaring kaltasan alinsunod sa Seksyon 2055 ng Internal Revenue Code;
(3) isang polisa sa life insurance na babayaran sa pinangalanang benepisyaryo (maliban sa estate);
(4) ari-ariang hindi lalagpas sa $500 na ipinamamana ng pumanaw para sa pagpapanatili ng libingan;
(5) danyos sa mga biktima ng Holocaust (makipag-ugnayan sa Register of Wills para sa mga detalye); at
(6) **Kita sa mga probate na asset –** Para sa mga pumanaw bago o pagkataps ng Enero 1, 1998, hindi nalalapat ang buwis sa mana sa pagtanggap ng ari-ariang kita, kabilang ang mga kinita at pagkalugi na naipon sa mga probate na asset pagkatapos ng petsa ng kamatayan.

Para sa mga pumanaw bago ang Hulyo 1, 2000, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Register of Wills para sa naaangkop na rate ng

mana sa buwis na ipinapatupad noong panahong iyon.

Kailangang magbayad ng buwis sa mana sa probate na ari-arian kapag ang personal na kinatawan ang mangangasiwa sa pamamahagi ng taxable na ari-arian.

Kailangang magbayad ng buwis sa mana sa hindi probate na ari-arian kapag tinasa at siningil ng Register of Wills ang halaga batay sa taxable na ari-ariang inulat sa Ulat ng Impormasyon o sa Applikasyon upang Ayusin ang

Buwis sa Mana. (Kailangang magbayad ng buwis sa malinaw na fair market value sa petsa ng paglilipat o sa petsa ng kamatayan, alinman ang naaangkop.) Dapat ibigay ang ebidensya ng mga balanse sa petsa ng kamatayan (mga appraisal kapag kinakailangan), ebidensya ng mga natitirang lien sa ari-arian (tulad ng mortgage), at ang pangalan, tirahan, at kaugnayan ng pumanaw sa lahat ng benepisyaryo.

Kapag nilapatan ng buwis sa mana ang isang interes sa isang trust, bukod pa sa kopya ng trust instrument, maaaring kailanganin ang sumusunod; listahan ng mga asset, listahan ng mga gastos na binayaran o babayaran mula sa trust, mga pangalan at tirahan ng mga trustee, mga petsa ng kapanganakan ng lahat ng life tenant, at ang kaugnayan ng pumanaw sa lahat ng benepisyaryo.

**Seksyon 10: Pagbabahagi**

Kung mayroong habilin ang pumanaw, dapat ibahagi ng personal na kinatawan ang ari-arian ayon sa mga probisyon sa habilin.

Dapat tumangggap ang nabubuhay na asawa ng pagbabahagi ng allowance ng pamilya na nagkakahalagang $10,000. Dapat magbayad ng allowance na $5,000 na gagamitin ng bawat menor de edad na anak na walang asawa (wala pang 18 taong gulang). Ang pagbabahaging ito ay hindi nilalapatan ng buwis sa mana. (Makipag-ugnayan sa Register of Wills para sa allowance ng pamilya na naaangkop sa petsa ng kamatayan bago ang Oktubre 1, 2013.)

Ang pagtutol sa habilin ay wala na sa awtoridad ng Register of Wills at, samakatuwid, ay hindi tatalakayin sa booklet na ito.

Nang walang pag-apruba o pamamagitan ng hukuman, maaaring piliin ng nabubuhay na asawang kunin ang kanyang statutory share sa halip ng ari-ariang iniwan sa kanya sa pamamagitan ng habilin. Ang share na ito ay sangkatlo ng net estate kung mayroon ding nabubuhay na issue o kalahati ng net estate kung walang nabubuhay na issue. Mayroong limitasyon sa panahon ng paghahain ng pagpili at pag-urong, at iba pang isyung kailangang isaalang-alang. Samakatuwid, ang nabubuhay na asawang nag-iisip na maghain ng pagpili ay dapat isaalang-alang ang pagkonsulta sa abugado para sa payong legal.

Kung walang habilin ang pumanaw, dapat ibahagi ng personal na kinatawan ang net estate sa mga tagapagmana sa pagkakasunod-sunod na itinatakda ng batas ng Maryland. Ang pagkakasunod-sunod ng pagbabahagi ay inilalarawan bilang kabaligtaran.

| Kung ang naiwan ng pumanaw ay: |
|---|
| |
| asawa at mga anak, na may isang menor de edad - matatanggap ng asawa ng kalahati ng net estate at pantay* na paghahatian ng mga anak ang natitirang |
| asawa at mga anak, lahat ay nasa hustong edad - matatanggap ng asawa ang unang $15,000 dagdag pa ang kalahati ng natitirang net estate, at pantay* na paghahatian ng mga anak ang |
| mga anak lang - pantay* na paghahatian ng mga anak ang net estate |
| asawa at mga magulang - matatanggap ng asawa ang unang $15,000 dagdag pa ang kalahati ng natitirang net estate at paghahatian ng mga magulang ang natitirang kalahati, o tatanggap ang nabubuhay na magulang ng natitirang kalahati |
| asawa na wala nang iba pang tagapagmana na nakalista sa itaas - matatanggap ng asawa ang buong net estate |
| mga magulang na wala nang iba pang tagapagmana na nakalista sa itaas - paghahatian ng mga magulang ang net estate, o matatanggap ng nabubuhay na magulang ang buong net estate |
| mga kapatid na wala nang iba pang tagapagmana na nakalista sa itaas - pantay* na paghahatian ng mga kapatid ang net estate |
| mga lolo at lola na wala nang iba pang tagapagmana na nakalista sa itaas - pantay na paghahatian ng mga lolo at lola ang net estate (kung pumanaw na ang lahat ng lolo at lola, sa issue ng mga lolo at lola) |
| mga lolo at lola sa tuhod na wala nang iba pang tagapagmana na nakalista sa itaas - pantay na paghahatian ang net estate (kung pumanaw na ang lahat ng lolo at lola sa tuhod, sa issue ng mga lolo at lola sa tuhod) |
| stepchildren na wala nang iba pang tagapagmana nakalista sa itaas - pantay na paghahatian ng stepchildren ang net |

| |
|---|
| walang mga nabubuhay na tagapagmana o stepchildren - ipamamana ang buong net estate sa Board of Education sa county kung saan binuksan ang estate, o sa Department of Health and Mental Hygiene kung tumanggap ang pumanaw ng mga benepisyo ng pangmatagalang pangangalaga sa ilalim ng Programa ng Medikal na Tulong ng Maryland |

*Ang share ng pumanaw na tagapagmana sa mga kategoryang ito ay ipamamana sa issue ng pumanaw na tagapagmana.

**Seksyon 11: Mga Bayarin**

May sisingiling bayarin sa probate para sa administratibong pagpoproseso sa estate. Ang bayaring ito ay batay sa kabuuang gross estate, tulad ng nakasaad sa mga talahanayan sa ibaba. Maaaring mayroon ding mga singil para sa mga karagdagang serbisyo kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod: karagdagang Mga Liham ng Pangangasiwa; payak, sertipikado o exemplified na mga kopya; pagtatala ng mga claim; pagtatala ng mga dokumento ng caveat; at mga bayarin sa sertipikadong liham para sa mga abiso.

| Kung ang halaga ng (Maliit) probate estate ay hindi bababa sa | ngunit mas mababa sa | ang bayarin ay |
|---|---|---|
| | | |
| $0 | $200 | $2 |
| $200 | $5,000 | 1% ng halaga ng maliit na estate |
| | | |

- Para sa mallit na estate na may halagang higit sa $ 5,000, tingnan ang mga bayarin sa probate ng regular na estate
  na nakalista sa ibaba

| Kung ang halaga ng (Regular) probate estate ay hindi bababa sa | ngunit mas mababa sa | ang bayarin ay |
|---|---|---|
| | | |
| ---- | $10,000 | $50 |
| $10,000 | $20,000 | $100 |
| $20,000 | $50,000 | $150 |
| $50,000 | $75,000 | $200 |
| $75,000 | $100,000 | $300 |
| $100,000 | $250,000 | $400 |
| $250,000 | $500,000 | $500 |
| $500,000 | $750,000 | $750 |
| $750,000 | $1,000,000 | $1,000 |
| $1,000,000 | $2,000,000 | $1,500 |
| $2,000,000 | $5,000,000 | $2,500 |
| $5,000,000 | --- | $2,500 dagdag pa ang .02% ng labis sa $5,000,000 |

## Seksyon 12: Mga Mahalagang Petsang Dapat Tandaan ng mga Personal na Kinatawan

### Regular na Estate

1. Kung may habilin ang pumanaw, dapat itong ihain kaagad ng tagapangalaga ng orihinal na dokumento sa Register of Wills pagkatapos ng petsa ng kamatayan.
2. Ang Petisyon para sa Probate, Iskedyul A, at lahat ng kinakailangang papeles ay dapat ihain kaagad sa Register of Wills pagkatapos ng petsa ng kamatayan.
3. Ang Listahan ng mga Interesadong Tao ay dapat ihain kasama ng Petisyon para sa Probate o sa loob ng 20 araw pagkatapos itong ihain.
4. Ang Ulat ng Imbentaryo at Impormasyon ay dapat ihain sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga ng personal na kinatawan.
5. Ang Aplikasyon upang Ayusin ang Buwis sa Mana ay dapat ihain sa loob ng 90 araw ng petsa ng kamatayan, kung kinakailangan.
6. Ang unang account ay dapat ihain sa loob ng siyam na buwan pagkatapos ng pagtatalaga ng personal na kinatawan.
7. Kung kailangan ng mga kasunod na account, dapat ihain ang mga ito nang may mga pagitan sa unang bahagi ng anim na buwan pagkatapos aprubahan ang naunang account, o siyam na buwan pagkatapos ihain ang naunang account.

### Maliit na Estate

1. Kung may habilin ang pumanaw, dapat itong ihain kaagad ng tagapangalaga ng orihinal na dokumento sa Register of Wills pagkatapos ng petsa ng kamatayan.
2. Ang Petisyon para sa Probate, Iskedyul B, at lahat ng kinakailangang papeles ay dapat ihain kaagad sa Register of Wills pagkatapos ng petsa ng kamatayan.
3. Ang Abiso ng Pagtatalaga para sa Maliit na Estate ay dapat ihain kung may mga natitirang asset pagkatapos ng pagbabayad o pagbabawas ng mga gastos sa pagpapalibing, allowance ng pamilya, at bayarin sa Register.
4. Ang Ulat ng Imbentaryo at Impormasyon ay dapat ihain sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga.

### Binagong Pangangasiwa

1. Ang Pagpili sa Binagong Pangangasiwa at mga form ng pahintulot mula sa lahat ng residuary na legataryo/tagapagmana ay dapat ihain sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng petsa ng pagtatalaga ng personal na kinatawan.
2. Ang Ulat ng Imbentaryo at Impormasyon ay dapat ihain sa loob ng tatlong buwan pagkatapos ng pagtatalaga.
3. Ang Panghuling Ulat ay dapat ihain sa loob ng 10 buwan pagkatapos ng petsa ng pagtatalaga maliban na lang kung may inaprubahang pagpapalawak.
4. Mga buwis sa mana (kung

naaangkop), bayarin sa probate, at halaga ng sertipikadong liham (kung naaangkop) ay kailangang bayaran sa oras na ihain ang Panghuling Ulat.

5. Ang kumpleto ang panghuling pagbabahagi ay dapat gawin sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng pagtatalaga, maliban na lang kung may inaprubahang pagpapalawak.

## Seksyon 13: Mga Responsibilidad ng Personal na Kinatawan

Ang personal na kinatawan ng isang estate ay may fiduciary na obligasyong ayusin ang estate at ibahagi ang mga asset nang mabilis hangga't posible, alinsunod sa mga tuntunin ng habilin o sa mga batas ng intestacy.

Ang posisyon ng personal na kinatawan ay isang posisyon na may kumpiyansa, tiwala, at mabuting hangarin. Inaasahan itong sumunod sa pinakamataas na pamantayan ng pangangalagang kinikilala ng batas. Maaaring magkaroon ng personal na sagutin ang personal na kinatawan kung hindi siya makakatugon sa pamantayang ito.

## Seksyon 14: Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Personal na Kinatawan

Maaaring gamitin ng personal na kinatawan ang awtoridad na iginawad sa kanya ng batas o ng habilin, nang walang pag-apruba ng hukuman.

Kabilang sa mga kapangyarihang ito ang: pagtanggap at pamamahala ng mga asset, pagdeposito sa mga fund, pagdeposito ng mga asset sa mga pinaghihigpitang account, pagtugon sa mga mapagkawang-gawang pangakong ginawa ng pumanaw, pagbabayad o pagkakasundo sa mga claim, pagbabayad sa mga gastos sa pagpapalibing at iba pang utang o gastos, pagbabayad ng mga buwis, pagseseguro ng ari-arian, pagbili o pagbebenta ng ari-arian, pagpapatuloy ng negosyo, pagsasagawa ng mga kontratong pinasok ng pumanaw, pagkuha ng mga espesyalista upang gumabay at tumulong, at paggawa ng mga bahagya o panghuling pagbabahagi sa pangangasiwa sa estate.

Maaaring gawaran ng hukuman ng iba pang kapangyarihan ang personal na kinatawan kapag may nakasulat na kahilingan.

Bukod pa sa mga kapangyarihang binanggit sa itaas, ang personal na kinatawan ay mayroong obligasyong itinakda ng batas na ihain sa takdang oras ang lahat ng kailangang dokumento, sumunod sa lahat ng utos ng hukuman, at magbigay ng nararapat na abiso sa mga interesadong tao kung kinakailangan.

**Seksyon 15: Mga Tanong at Sagot**

**Ano ang habilin?**

Ang habilin ay isang nakasulat na dokumento na legal na ipinapatupad, na namamahala sa kalagayan ng ari-arian ng isang tao pagkatapos ng kamatayan. Kinokontrol lang ng habilin ang mga asset na nasa pangalan lang ng pumanaw o bilang tenants in common. Kailangan itong nakasulat, nilagdaan ng testador/testadora (taong gumagawa ng habilin), at pinatotohanan at nilagdaan ng dalawa o higit pang kapani-paniwalang saksi nang kasama ang testador/testadora. Nagkakaroon ito ng bisa sa kamatayan ng testador/testadora at sumasailalim sa probate.

Kung mayroon kang habiling inihanda sa labas ng Maryland at pagkatapos ay lumipat ka sa Maryland, may bisa ito kung ipinatupad ito ayon sa mga batas ng estado kung saan ito inihanda. Gayunpaman, kung lumipat ka sa iba pang state, makipag-ugnayan sa Register of Wills nito o sa Clerk in the Probate Division ng iyong bagong hurisdiksyon upang malaman kung ang habilin na inihanda mo sa Maryland ay may bisa. Nag-iiba-iba ang mga batas sa iba't ibang estado.

**Saan ko dapat itago ang habilin ko?**

Kapag ang isang habilin ay naihanda, nilagdaan at pinatotohanan nang wasto, tiyaking itago ito sa ligtas na lugar kung saan hindi ito mawawala, mananakaw, o mailalagay sa ibang lugar. Ligtas na lugar ang isang safe deposit box kung alam ng isang tao ang lokasyon nito. Kung ang safe deposit box ay nakapangalan lang sa iyo, sa pagkamatay mo ay kailangang nandoon ang isang deputy mula sa tanggapan ng Register of Wills sa pagbubukas ng safe deposit box at pag-aalis ng habilin para sa paghahain sa Register of Wills.

Maaari mo ring ihain ang habilin mo sa Register of Wills upang ligtas na itago sa halagang $5.00. Dadalhin ang orihinal na kopya sa Register of Wills upang ligtas na itago, at ito ay itatago sa isang pre-numbered na sobre at hihilingin kang isulat ang iyong pangalan, tirahan, petsa kung kailan inihain, at kung sino ang naghahain ng habilin sa puwang na inilaan sa sobre. Habang nabubuhay ka, ang habiling idineposito mo sa tanggapan ng Register of Wills ay hindi maaaring buksan o ibigay sa sinuman maliban sa iyo o sa taong pinahintulutan mo nang nakasulat na tanggapin ang kapareho. Kung kailangan mong gumawa ng kopya ng habilin kapag naihain mo na ito, kailangan mong alisin ito at pagkatapos ay maaaring ihain ito ulit nang may karagdagang bayarin na $5.00. Dapat mong tiyaking alam ng taong itinalaga mo bilang iyong personal na kinatawan ang lokasyon ng iyong habilin.

**Ano ang dapat kong gawin sa habilin pagkatapos mamatay ng isang tao?**

Pagkatapos ng kamatayan ng isang tao, ang taong nangangalaga sa habilin ay dapat ipakita ang habilin sa Register of Wills. Kung ang taong may

hawak ng habilin ay ang itinalagang personal na kinatawan, dapat niyang tawagan ang tanggapan bago siya dumating upang malaman kung may mga karagdagang kinakailangan na maaaring naaangkop. Maaari ka ring mag-iskedyul ng appoinment sa isang deputy upang mas mapabilis ang serbisyo.

Ang isang tagapangalagang kusang-loob na nabigo o tumangging dalhin ang habilin sa register pagkatapos malaman ang kamatayan ng testador/testadora ay may pananagutan sa taong naabala ng mga pinsalang naidulot ng pagkabigo o pagtanggi.

**May karapatan ba ang asawang tanggihan ang habilin?**

Sa halip na ari-ariang iniwan sa kanya sa pamamagitan ng habilin o kung hindi siya isinama sa habilin, maaaring piliin ng nabubuhay na asawang kunin ang sangkatlong share ng net estate kung mayroon ding nabubuhay na issue (anak o mga anak), o kalahating share ng net estate kung walang nabubuhay na issue (anak o mga anak).

Ang pagpili ng nabubuhay na asawa na kumuha ng elective share ay dapat gawin pagkatapos ng: siyam na buwan pagkatapos ng kamatayan ng tao, o anim na buwan pagkatapos ng unang pagtatalaga ng personal na kinatawan sa ilalim ng habilin. Maaaring palawakin ng hukuman ang oras para sa pagpili bago ang pagkapaso nito, para sa panahong hindi lalagpas ng tatlong buwan sa isang panahon, pagkatapos magbigay ng abiso sa personal na kinatawan at kung may magandang intensyong ipinakita.

**Ano ang caveat?**

Ang caveat ng habilin ay ang pagsubok sa pagkakaroon ng bisa ng anumang instrumentong nagpepresenta bilang habilin o codicil ng pumanaw, inaalok man o hindi para sa o tinanggap sa probate. Maaaring ihain ang caveat ng tagapagmana ng pumanaw o legataryo sa anumang instrumentong nagpepresenta bilang habilin o codicil ng pumanaw. Nangangailangan ito ng pagdinig sa hukuman na may abisong ipapadala sa lahat ng interesadong tao. Kailangang bayaran ang mga bayarin kapag naihain ang petisyon.

Kung ang isang personal na kinatawan ay itinalaga bago ihain ang petisyon para sa caveat, ang pagtatalaga ng personal na kinatawan ay ibababa sa espesyal na tagapangasiwa hanggang makagawa ang hukuman ng pagpapasya sa pagkakaroon ng bisa ng habilin.

**Palagi bang kailangan ng estate?**

Kung mamamatay ang tao habang nagmamay-ari ng anumang ari-arian sa kanyang pangalan lang o bilang tenant in common, kinakailangang magbukas ng estate sa tanggapan ng Register of Wills. Ang halaga ng mga asset sa pangalan lang ng pumanaw o ng tenant in common ang nagtatakda sa uri ng estate na kailangan. (Tingnan ang mga seksyong Regular na Estate, Maliit na Estate at Binagong Pangangasiwa ng librong ito para sa higit pang impormasyon).

**Kung hindi kailangan ng estate, kailangan ko pa rin bang ihain ang habilin?**

Kung ang pumanaw ay walang anumang ari-arian sa kanyang pangalan o bilang tenant in common, kailangan mo pa ring ihain ang habilin sa tanggapan ng Register of Wills sa county kung saan nanirahan ang pumanaw sa oras ng kamatayan.

**Sino ang unang babayaran kung hindi sapat ang mga asset?**

Dapat gawin ng personal na kinatawan ang mga pagbabayad sa sumusunod na pagkakasunod-sunod kung hindi sapat ang mga asset ng estate upang bayaran ang lahat ng claim nang buo:

- Mga bayarin sa register;
- Mga halaga at gastos ng pangangasiwa;
- Mga gastos sa pagpapalibing na hindi lalagpas sa $15,000.00;
- Bayad sa personal na kinatawan sa regular na estate, mga legal na serbisyo at komisyon ng lisensyadong real estate broker;
- Allowance ng pamilya – Asawa $10,000.00; bawat menor de edad na anak $5,000.00 (Makipag-ugnayan sa Register of Wills para sa allowance ng pamilya na naaangkop para sa petsa ng kamatayan bago ang Oktubre 1, 2013);
- Mga buwis na kailangang bayaran ng pumanaw;
- Makatwirang gastos sa medikal, ospital, at pangangalaga ng huling karamdaman ng pumanaw
- Upa na dapat bayaran ng pumanaw nang hindi hihigit sa tatlong buwan nang hindi nababayaran;
- Sahod, suweldo, o komisyon para sa mga serbisyong ginawa para sa pumanaw sa loob ng tatlong buwan bago ang kamatayan;
- Mga claim sa pampublikong tulong; at
- Lahat ng iba pang claim

Hindi uunahin ang pagbabayad ng isang claim kaysa sa isa pang claim na nasa kaparehong uri. Gayunpaman, ang mga claim na inihain ng Department of Health and Mental Hygiene ay uunahin kaysa sa lahat ng iba pang claim na nasa kaparehong uri. (Tingnan ang §8-105 ng Artikulo sa Mga Estate at Trust.)

Nagbibigay ang Federal Insolvency Statue, 31 U.S.C. §3713, ng ganap na prayoridad para sa mga utang na dapat bayaran sa United States, tulad n g mga buwis na dapat bayaran sa IRS.

**Ano ang resident agent at ano ang mga responsibilidad?**

Ang isang hindi residente ng Estado ay hindi kwalipikado upang italaga bilang personal na kinatawan maliban na lang kung may nakatala sa tanggapan ng Register of Wills na hindi mababagong pagtatalaga sa hindi residente ng naaangkop na taong nakatira sa Estado. Ang taong iyon, pagkatapos tanggapin ang pagtatalaga at lagdaan ang form na mayroong address niya, ay magiging resident agent. Ang responsibilidad lang ng resident agent ay tanggapin ang serbisyo ng proseso sa kaparehong paraan at nang may bisa na para bang ibinigay ang serbisyo nang personal sa Estado sa hindi residente.